

Ang Inyong Koponan sa Pangangalaga - Neurosurgery (Operasyon sa Utak)



Makakatagpo ninyo ang maraming iba't-ibang tao sa panahon ng inyong pamamalagi sa ospital. Ang ilan ay mga doktor, ang iba ay mga nars, habang ang iba ay mga espesyalista para sa rehabilitasyon. Mahirap matandaan kung sino ang gumagawa ng isang bagay at kung sinu-sino ang mga ito. Nasa ibaba ang isang listahan ng ilan sa mga tao na maaari ninyong makatagpo at ang kanilang tungkulin sa pagtulong sa inyong bumuti.

MGA DOKTOR

- **NEUROSURGEON:** Ang Neurosurgeon ay isang siruhanong doktor na may espesyal na pagsasanay sa paggamot ng mga pasyente na may mga traumatic brain injury. Ang Neurosurgeon ay maaaring gumawa ng pag-oopera sa utak upang tulungang iligtas ang buhay ng isang pasyente.
- **NEUROLOGIST:** Ang Neurologist ay isang doktor na sumusuri at gumagamot sa mga sakit ng sistema ng utak. Maaaring tulungan ng neurologist ang pasyente sa paggamot ng isang karamdaman hinggil sa seizure (kombulsyon) o mga sakit ng ulo na magreresulta mula sa isang traumatic brain injury.
- **NEURORADIOLOGIST:** Ang Neuroradiologist ay isang doktor na sumusuri sa mga x-ray, CT scan at mga MRI upang tumulong sa pagsusuri ng kondisyon sa utak ng pasyente. Pagkatapos gawin ang isang pag-scan, magbibigay ang neuroradiologist sa koponan ng isang pagbasa sa larawan.
- **NEUROINTERVENTIONALIST:** Ang Neurointerventionalist ay isang doktor na sumusuri at gumagamot sa mga neurovascular lesions (mga pinsala sa ugat at utak) sa pamamagitan ng isang angiography. Nagsasagawa ang mga ito ng mga angiogram sa utak, mga pamamaraan ng pagbaluktot sa mga ugat (vascular coiling procedures) at pagbanat sa mga ugat (vascular stenting). Ang neurointerventionalist ay maaaring magsagawa ng isang angiogram sa pasyente upang malaman kung mayroong anumang pinsala sa mga arterya o mga ugat sa leeg at utak pagkatapos ng isang pinsala sa ulo.

MGA NARS

- **NURSE PRACTITIONER:** Ang Nurse Practitioner (NP) ay isang nars na may mas mataas na pinag-aralan na mahigpit na nakikipagtulungan sa lahat ng miyembro ng koponan ng neurosurgery upang pamahalaan ang pasyente na may neurotrauma (may pinsala sa utak). Ang NP ay mayroong mga espesyal na kakayahan at pagsasanay sa pamamahala ng pangangalaga sa pasyente habang nasa ospital. Ang NP ay tutulungan ang koponan na pamahalaan ang pasyente mula sa emergency room papunta sa klinika. Ang NP ay magbibigay ng edukasyon at tutulungan ang pasyente na gumawa ng mga plano para sa pag-alis sa ospital.
- **CLINICAL NURSE SPECIALIST:** Ang Clinical Nurse Specialist (CNS) ay isang nars na may mas mataas na pinag-aralan na mahigpit na nakikipagtulungan sa koponan ng neurosurgery upang magbigay ng pagsasanay at edukasyon sa mga miyembro ng pamilya at kawani tungkol sa mga pasyenteng may mga traumatic brain injury. Ang CNS ay mahigpit ring nakikipagtulungan upang tiyakin ang kalidad at bumuo ng mga patakaran at pamamaraan upang mapanatili ang pangangalaga na may mataas na kalidad. Ang CNS ay tutulungan ang pasyente na maunawaan ang kanilang pinsala at magbigay ng suporta sa pasyente at pamilya.

- **REHISTRADONG NARS SA PANANALIKSİK:** Ang Nars sa Pananaliksik ay isinusulong ang siyensiya ng neurosurgery sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga klinikal na pananaliksik na pag-aaral kung saan lumalahok ang mga pasyente sa SFGH.
- **REHISTRADONG NARS:** Ang mga nars ay nagbibigay ng kumpletong pangangalaga sa mga pasyenteng may Neurotrauma sa kanilang buong pamamalagi sa SFGH. Ang mga rehistradong nars (RN) ay may pananagutan para sa pagbibigay ng lahat ng pangangalaga para sa pasyente habang nasa ospital. Ang mga ito ay nagtatasa at namamagitan alinsunod sa mga pangangailangan ng katawan ng pasyente. Sa mga Intensive Care Unit sa SFGH, inaalagaan ng mga may ganap na karanasang kawani ng nars ang mga pasyenteng nagkaroon ng operasyon sa utak gamit ang makabagong kagamitan sa pagsubaybay at mga bagong pamantayan ng kasanayan. Ang mga nars sa ICU ay nagbibigay ng harapang pangangalaga sa mga pasyente na may pinaka-kritikal na pinsala sa ulo at mga napinsala ang utak. Ang mga espesyal na pagtatasa ay nakatuon sa mga ganitong sukatan hinggil sa utak bilang isang detalyadong klinikal na eksaminasyon, mga presyon sa loob ng utak at ng utak, oxygen ng tisiyu ng utak at mga pagsukat sa pagdaloy ng dugo sa utak at pag-record ng electroencephalogram. Nakikipagtulungan ang mga nars sa mga medikal na kawani, parmasya, mga kasamahan ukol sa paghinga, pagkain, pagsasalita, physical therapy, at occupational therapy upang magbigay ng pinakamahusay na kasanayan sa populasyon ng pasyente na may malawak na kultura at lipunan. Ang mapaghamon at nakakalugod na kapaligiran na ito ay nakahiyakat at nakapanatili ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan mula sa buong mundo.
- **LICENSED VOCATIONAL NURSE (LISENSYADONG BOKASYONAL NA NARS):** Ang mga Licensed Vocational Nurse (LVN) ay nakikipagtulungan sa RN sa pagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente.
- **COACH/CERTIFIED NURSE ASSISTANT (SERTIPIKADONG KATULONG NG NARS):** Ang Certified Nurse Assistant ay nagbibigay ng gabay at suporta sa mga pasyenteng may pinsala sa utak sa pagkain, paliligo, at paggalaw. Ang mga ito ay mahalagang bahagi ng Restorative Care Program (Programang Pangangalaga para sa Panunumbalik ng Kalusugan) sa SFGH.

NEUROPSYCHOLOGIST

Ang Neuropsychologist ay isang psychologist sa antas ng doktor na may espesyal na pagsasanay sa pakikipagtulungan sa mga pasyente na may mga pinsala sa utak at ibang mga pinsala sa utak. Ang tungkulin ng Neuropsychologist ay tasahin ang mga kakayahan sa pag-unawa at emosyonal na pagpapasiya kasunod ang traumatic brain injury.

MGA MEDIKAL NA SOCIAL WORKER

Ang Social Worker ay tumutulong sa pangangasiwa sa pagpapalano ng pag-uwi mula sa ospital at nagbibigay ng emosyonal na suporta sa mga pasyente at mga miyembro ng pamilya sa ospital. Mayroon ring social worker na maaaring makita ang mga pasyente kapag umalis na ang mga ito sa ospital upang tumulong sa paglipat sa bahay.

MGA ESPESYALISTA SA REHABILITASYON

Ang mga Espesyalista sa Rehabilitasyon ay tinatasa at ginagamot ang mga pasyenteng may pinsala sa utak at gulugod sa lahat ng edad upang tulungan ang mga pasyente na maibalik ang pinakamataas na kakayahang gumalaw at gumana upang maibalik muli ang kalayaan. Nasa ibaba ang iba't-ibang mga therapist at espesyalista na nasa Departamento ng Rehabilitasyon.

- **PHYSIATRIST:** Ang Psychiatrist ay isang eksperto sa paggamot ng mga indibiduwal na may mga nakakapagpabalang kondisyon na nagresulta mula sa mga traumatic injury hanggang sa mga malubhang sakit. Ang Psychiatrist ay pinangungunahan ang koponan ng medikal at pang-

rehabilitasyon na mga propesyonal upang tulungan ang mga indibiduwal na bumalik sa kanilang pinakamataas na paggana.

- **PHYSICAL THERAPIST:** Ang mga physical therapist ay pinabubuti ang lakas ng kalamnan, paggalaw ng kasu-kasuan, koordinasyon, tibay, paggalaw, at paggana sa pamamagitan ng ehersisyo at mga pamamaraan upang bawasan at iwasan ang mga pagkabalda. Kasama sa mga kakayahan sa paggana ang kakayahang gumalaw sa kama, tumayo mula sa kama, maglakad, umakyat ng hagdanan, at sumakay at bumaba ng mga kotse. Ang mga therapist ay maaaring gumamit ng mga espesyal na pamamaraan kasama ang ultrasound, de-kuryenteng stimulasyon, TENS, paghila sa buto, init at lamig upang tumulong sa paggaling.
- **OCCUPATIONAL THERAPIST:** Ang mga occupational therapist ay mga espesyalista na nagtatrabaho upang pahasayin ang paggana sa mga kamay at itaas na bahagi ng katawan at pagbutihin ang mga kakayahan sa mga pang-araw-araw na gawain (activities of daily living skills, mga ADL). Kasama sa mga ADL ang mga bagay katulad ng pagbibihis, pag-aayos sa sarili, pagluluto, paglilinis, pamamahala sa pera, pamimili, at pagko-commute. Pinabubuti rin ng mga OT ang paggalaw at lakas ng kasu-kasuan sa itaas na bahagi ng katawan sa pamamagitan ng ehersisyo, paglalagay ng splint at mga pamamaraan tulad ng init at lamig, at ultrasound.
- **SPEECH LANGUAGE PATHOLOGIST:** Ang mga Speech Language Pathologist ay nakikipagtulungan sa mga pasyente sa mga problema sa pakikipag-usap, pag-unawa, boses at paglunok (dysphagia). Kasama sa pakikipag-usap ang boses sa pagsasalita, pagtanggap at pagpapahayag ng wika, pagbabasa, pagsulat, pakikipag-usap na hindi sa pamamagitan ng pagsasalita at mga alternatibong kagamitan para sa pakikipag-usap. Kasama sa dysphagia ang diyagnostikong pagsusuri ng ngala-ngala (oral cavity), lalamunan at mga vocal cord. Kasama sa pag-unawa ang atensiyon, memorya, at mas mataas na mga proseso ng pag-iisip.

REHISTRADONG DIETICIAN

Ang mga rehistradong dietician ay nagbibigay ng mga detalyadong pagtatasa sa mga pangangailangan ng pasyente sa nutrisyon at nagrerekomenda ng mga pagbabago sa diyeta sa kanilang buong paggaling.

THERAPIST SA PAGHINGA

Ang mga therapist sa paghinga ay mga espesyalista na tumutulong sa isang pasyente na mapanatili ang kalusugan ng kanilang paghinga at ang responsable para sa pagpapanatili ng anumang kagamitan na may kaugnayan sa paghinga.